Tunay na ang mga tao, kapag nakita nila ang tagalabag sa katarungan saka hindi sila pumigil sa mga kamay nito, ay halos lahatin ni Allāh sa isang parusang mula sa Kanya."}

Ayon kay Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {"O mga tao, tunay na kayo ay bumibigkas ng talatang ito: {O mga sumampalataya, mangalaga kayo sa mga sarili ninyo. Hindi makapipinsala sa inyo ang sinumang naligaw kapag napatnubayan kayo.} (Qur'ān 5:105) Tunay na ako ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na ang mga tao, kapag nakita nila ang tagalabag sa katarungan saka hindi sila pumigil sa mga kamay nito, ay halos lahatin ni Allāh sa isang parusang mula sa Kanya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām An-Nasā'īy sa Al-Kubrā, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Nagpapabatid si Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya) na ang mga tao ay bumibigkas ng talatang ito: {O mga sumampalataya, mangalaga kayo sa mga sarili ninyo. Hindi makapipinsala sa inyo ang sinumang naligaw kapag napatnubayan kayo.} (Qur'ān 5:105) Nakaiintindi sila mula rito na kailangan sa tao ang magpunyagi sa pagsasaayos ng sarili niya lamang, na hindi makapipinsala sa kanya matapos niyon ang pagkaligaw ng sinumang naligaw, at na sila ay hindi hihilingan ng pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama. Nagpaalam siya sa kanila na ito ay hindi gayon, at na siya ay nakarinig sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na ang mga tao, kapag nakita nila ang tagalabag sa katarungan saka hindi nila pinigilan ito sa kawalang-katarungan nito samantalang taglay nila ang kakayahan sa pagpigil dito, ay halos lahatin ni Allāh ang lahat sa isang parusang mula sa Kanya: ang tagagawa ng nakasasama at ang tagapanahimik dito."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3470